Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-24 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 137-T'2002*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY G. CALIXTO CATAGUIZ, PANGKALAHATANG TAGAPAMAHALA NG LLDA (LAGUNA LAKE DEVELOPMENT AUTHORITY) NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG 20 COMPOSTING EQUIPMENTS PARA SA PAGSASAGAWA NG PROGRAMA UKOL SA PAMAMAHALA NG BASURA SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 256-T'2001 ay pinatutupad sa kasalukuyan sa bayang ito ang maayos na pamamahala ng basura;

*SAPAGKA'T*, may mga panuntunang dapat na ipasunod upang ipatupad ang nasabing kautusan;

*SAPAGKA'T*, isa sa mga panuntunan ay pagtatayo ng ecology center sa bawat barangay upang ihiwalay, isagawa at magamit ang mga basurang nabubulok sa di-nabubulok;

*SAPAGKA'T*, sa paraang "composting" ay mapakikinabangan ang mga basura upang gawin at magsilbing pataba sa mga halaman;

*SAPAGKA'T*, isa ring paraan ito upang mabawasan ang dami ng basura na hinahakot tinatapon sa lugar na tapunan ng basura.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Purita P. Sarmiento, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Edgardo T. Porca at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na humiling kay G. Calixto Cataguiz, Pangkalahatang Tagapamahala ng LLDA (Laguna Lake Development Authority) na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, laguna ng 20 composting equipments para sa pagsasagawa ng programa ukol pamamahala ng basura sa bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito si G. Calixto Cataguiz, Pangkalahatang Tagapamahal, Brgy. Banyas, Bay, Laguna; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

ORIGINAL SIGNED
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

ORIGINAL SIGNED
NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
ORIGINAL SIGNED
KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan